# MARINA

“Bagama’t isinulat sa tubig ang mga detalye,
sinasabi ko sa iyo na kay rami ng mga alaalang
kayang hawakan ng dagat.”

- Marlon Hacla

**DUGONG**

May mga kasinungalingang iniluluwal ang dagat. Higit na
Kapanipaniwala na isang magandang dilag ang umaahon

Sa alon. Itatanghal sa umpukan ng mga marino, sa gitna
Ng gasera, ang kanyang kagandahan upang magningas

Ang kanilang libog. Dito nagsisimula ang bawat salaysay,
Sa hindi sinasabi; ang balutin ang nakikita sa pamamalikmata

Sa alaala ng mga iniwang asawa, kasintahan, at puta.
Walang kagandahan ang makakabago sa katotohanan;

At sa pagharap nito upang hugasan ang kanilang pagnanasa
Napakadaling magbitaw ng *halimaw* mula sa mga dilang

Mamad sa alat; at ang mga pusong sinuyo nitong ilusyon
Ay mag-aaklas sa kasinungalingang sila mismo ang bumuo.

**TORSILYO**

Naunahan na niya ako bago ko pa siya makita—
Dumudulas palayo sa aking tingin, sumusuot
Sa mga damong dagat, bato't patay na korales,
Pinapasibad ang mahihiyain ngunit makukulay
Na isda; nililigalig ng kaniyang pagkabahala
Ang mga nakatagong kahel, asul, at dilaw na kaliskis,
Na minsan pa, sa sandaling ito, nabibigyang hubog
Ng kaniyang pagtalilis ang kaluluwa ng dagat;
Napipilas, sumasaboy sa sulog. Sa ganito nabubuo
Ang mga mito, sa pagkamangha sa gitna ng pagkabigla,
Katulad ng mabagyong gabi at kinakatok ng kalansay
Na kamay ng puno ang bintana, inuugoy muli tayo
Sa pagtulog: *Huwag kang matakot, huwag kang matakot.*

**PUGITA**

Kaladkad ng sarili niyang mga galamay, lasog na puso siyang pumipintig
Sa nilalamig na sahig, nakatitig sa nakasilip na liwanag sa ilalim ng pinto;
Nakatapat sa nahindik mong pagkakatindig. Likas din sa kaniya ang maligaw.

Huwag kang mabahala, hindi siya manggagambala. Maniwala na ganito
Nagsasaanyo ang naghihingalo nating lunggati sa paglaya habang sa labas
Winawakwak ng pusa ang isang supot ng laman loob ng isda at pinapahalik

Ng mga bata ang kanilang tsinelas sa yuping lata. Sa hindi kalayuan,
Sumisibad ang mga alipato sa pagsagitsit ng hindi mapigil na tren. Dinidilaan
Ng silab ang bagong katay na aso. Oo, bukas na bukas ang daigdig sa panganib.

Lumalangoy ang dagitab sa dagat. Napapadalas ang pagsalo ng mga alon
Sa dinamita. Laging nanunukso ang dahas—bumabakas ang balasik
Ng nanggagalit na lamig ng yelo at ang yanig sa pagkakahampas sa pader.

At papaano muling magpapahatak sa hinahon? Heto't napapapadyak ka
Sa kaniyang paglapit, nakaamba ang maibabato. Ganito mo iniuugnay
Ang buhay—sa kawalang tiwala—habang ang nais lamang niya'y ang makalaya.

**LIPLIPAN**

Bumabakas ang kaniyang pagpiglas: kurba, bilog, zigzag, habang payuko nang payuko
Ang pamingwit sa bigat ng pagkakaunat . Hanggang saan ang hangganan ng lakas?

Papaano mapuputol ang paghahagad na makapulas? Dagli ang mga hila niya pailalim.
Mapanghimok ang mga wasiwas sa hindi napipigtal. Ganap na arál niya ang pagtakas:

Tanda ang pugad ng mga bingwit sa bibig. Tulad ng ingit sa nabibiyak na salamin
Ang mga pitik sa labis na pagkakatuwid ng lubid. Samantala, sa bangka,

Dumudulas sa palad ang katatagan, sumusuko ang gulugod. Ito ang sandali upang
Kaharapin ang sariling karupukan, ang paghahanap-hatak sa limitadong lawak.

Pananatili. Gumigilit sa paningin ang hapdi ng pawis. Sa isip, ang pagpipigil sa sakit
Ng namumukadkad na bisig. Ang nababatid na lagim ng hindi pagbitiw.

Lumalabis ang sidhi ng nahuli. Madalas, napag-iisa lamang
Ang kanilang landas: minsan, pasuray-suray; madalas, kaladkad.

## BATANG AGAT

Humihiwa sa kalawanging tubig ang mga nag-uunahang
Biyas. Sa barko, nakangising nakaduro ang mata

Ng mga pasahero sa bakas ng lumubog na barya.
Nasa bingit ng hindi pagkurap ang hininga.

Sa kanilang tapang isinabit ng mga sumisid ang hangin.
Dilat silang humaharap sa hapdi ng alat.

Sa dilim ng lalim, ang kislap ng pakay ang ilaw.

Hinahawi ng mga kamay ang sala-salabid na pag-agos,
Ang mga tanda ng pagkalubog: pinupulikat na hita,

Kinakapos na paghinga.

At tila asogeng malulusaw sa palad ang barya.
Sa pagitan ng mga daliri ay ang paghangos

Sa dinarama ng mga kasama. Mga bula
Ang maiiwang lamat sa sinikarang pagsubok.

Paglitaw ng ulo, ang muling pag-alingawngaw
Ng kilapsaw sa kinakalawang na dagat.

Kay daling maghilom ng nilitawan, nilubugan.

**SHIN'Y Ō**

Sapagkat humahanay ang mga dahilan sa harap ng kamatayan: ang pag-aalangan
Bago ang pagbangga; ang pagbitiw kahit gaano kahigpit ang kapit. Naroroon

At sumalpok ang panata ng mga naunang kasama – walang pagdadalawang isip
Na isinuko ang mga sarili sa pagsabog, pagkatupok at usok. Habang ilang dipa

Ang layo ng lawas ng nilalayon, humihigit sa isip ang pagpigil sa sandali.
Papaano maaawat ang tulak ng pagsalakay? Minsan, pagtitimpi: ang pananatili

Ng pagkakabatak sa lastiko hanggang sa makalayo ang inaasintang ibon. O hinahon.
Higit na matulin ang mga nagngingitngit: madalas, ang pagnanasang makauna.

Ngunit laging nasa simula ang pag-iwas at dumarating ang takot sa maling panahon—
Pugot na manok na hinahabol ng sarili niyang anino. Ganito, makailang ulit silang

Sinanay sa kanilang pagtalon: bago lumapat ang pagkawasak, ang sapat na layo
Upang makalayo sa pagsiklab, ang pagtudla sa kaligtasan na handang ibigay ng dagat.

Ngunit may ilang kasama ang tinangay ng pagliyab bago pa man kumilapsaw
Ang pagkapanatag. Sa digma, nilalakaran ng ningas kahit dagat. Sino pa ang makakasalo

Sa mga humihingi ng saklolo? Muling balikan ang pinanggalingan, hayu't bumabagtas
Ang libo-libong bala mula sa pagkabahala ng mga kalaban. Manindigan, wala na rin doon

Ang kaligtasan. Sandangkal na lamang at tulad ng nagsasaagiw na pagkabitak
Ng nagyeyelong lawa sa bigat ng pagkakaapak, ang sansaglit na pagtanaw sa tanawin—

Ang mahabang parang ng kaputian, ang hagupit ng guhit ng liwanag sa ilanlang.
Ang kisap ng kinikiskis na palito. Ang bombilyang tumitindi ang sindi bago mapundi.

Ang pag-igkas ng motorsiklo sa dibdib ng bangin. Ang pagpikit sa sandali ng pagkakasubsob.
Ang pagdama sa pagbabalik ng limot na bugtong sa kulog: *nagagalit kahit langit*.

**FROGMAN**

1.

Kumakapit ka sa paniniwalang may mabubuhay, marahil, sa isa sa mga selyadong kabin. At sa madidilim na pasilyo, ang pagdama sa mga hindi makalag-kalag na pagpulupot ng alon: *sa kitid ng posibilidad, ang nahihinog na hilakbot.* Naririto ang tanghalan ng paglutang: ang mga pilipit na kumot ay mga tulirong anghel sa parang ng hindi matapos-tapos na digma, at sa dulo, ang nababakbak na mukha ng nalunod. Na katulad din ito ng pagharap sa kinakatakutang guro, ang pagbukas ng palad sa paglapat ng patpat, ang pagkurap bago ang bawat paghampas.

2.

Bilang na lamang ang dinadala nilang ngalan. Sa ganito sila muling binibinyagan, na sa simula pa lamang ay paghuhugas-kamay na ng dagat. Ang totoo, samu't saring putol na kuwento ang inyong iniaahon, na ipagpapatuloy lamang ng isang lamay at pag-aalala. Putol-putol din ang iyong hininga habang nag-aapuhap nang madadala sa itaas: walang pares na sapatos, lata ng serbesa, bugkos ng mga susi. Nakatali pa rin ang tandang sa teheras, bukas ang mga pakpak.

3.

May mga silid na hindi na mapapasok. Nakaipit sa bigat ng tubig. Kumakalampag ang anumang nakulong. Pakikiramdam. Pumuputok ang mga bula sa dulo ng paghinga. Bumibigat ang iyong ulo sa pag-aabang. Higit nang naninikip ang iyong dibdib. Naririto ba ang mga talinghaga para sa ligaya? O ang kaganapan sa pananabik? Hinipo mo ang pinto't binilang sa isip ang kaluskos. Hindi pa huli para bawiin ang mga binitiwang pangako. May sukdulan ang makakaya. Samantala may ilang isda ang naligaw sa paligid. Nagmamasid, humuhusga.

4.

Para kanino ang kaligtasan? Ano ang silbi ng mga dalangin? Paghahanay ng mga tanong sa harap ng hilakbot. Binabago ka ng bawat pagsisid. Katulad ka ng matandang hindi makaunawa sa kaniyang pagkaligtas samantalang sa palad ang gusot na larawan ng anak. Hanggang kailan niya bibitbitin ang sisi; na kahit walang pagkakamali ay ipinapataw sa sarili ang bigat ng pagkakasala. Kaya tinuruan kayong huwag tumingin sa mata ng mga nag-aabang na kaanak. Sapat na lamang na katahimikan ang inyong maiaalok.

5.

May mga multong humuhubog sa hangin. Nakasabit sa pandinig. Maliliit na tau-tauhan sa mesa. Punit-punit na mapa. Basyo ng tangke ng oksihina. Hindi mo alam kung papaano magsisimula. Gabi-gabi umiingit ang kama sa madalas mong pagbalikwas. Bumubukas nang kusa ang bintana. Hindi malayo ang tawag ng dagat. Sa panaginip, nagliliwanag ang pasilyo ng lumubog na barko. May nakaturo sa kabilang isla: *Hayun, at nabubuhay ang matandang katedral sa ulap sa pagbisita ng kidlat.*

**MURO AMI**

Banyaga na sa aking ilong ang katatabas na damo sa umaga. Palibhasa, ilang buwan ding gasolina't lansa ang nasasagap ng panghinga, asin ang hamog, kalawang ang lupa; at kung may malalapatan ang aming talampakan, madalas, uhuging lawanit o kaliskising semento, habang hindi namin matawag na gamugamo ang nangingingain sa liwanag kung hindi dudugtungan ng dagat sa pangalan; sa mga pagkakataong iyon, ang pag-aaklas sa nakasanayan, na kahit ang mga tinaling tandang ni Kapitan ay namamaos sa kalituhan sa itinatakbo ng oras. Marahil, ito ang bisa ng pangungulila. Mabuti pa ang tabsing nakakabalik agad sa piling ng mga buhangin. Ang tiyak, hindi na marunong mangalisag ang aming balahibo, at kung pipikit, habang sinusulsihan ang ubaning lambat, ang nadidinig ay ang hilik ng bundok ng islang hindi-matanaw-hindi-mararating, o kung minsan, ang buntonghininga sa bawat paghalik ng ulap sa kapwa ulap, ang huling guhit ng pagkilapsaw ng bumulusok na bulalakaw, ang panaghoy ng mga biniyak na tangrib na madalas nasisisi sa tuwing may napupuwing: maliliit na paghihiganti, impit na pagdadalamhati. Lagi, ang pagbigat sa dibdib ng mga sandali ng pagkakahimpil, kumakapit ang lamig, kumikinang sa balat ang asin, gumuguhit ang hapdi sa pilik, at pagkaraan, ang muling paglusong sa panganib para baliktarin ang sikmura ng laot, pagdugtungin ang kaniyang pusod sa aming pusod. Sa ganitong mga pagitan ng paghihintay natatanaw muli ang sarili – sinusuklay ng anino ng mga dahon ng niyog ang noo habang kumakaway sa malayo ang alon, mapanghalinang tirintas ng maliliit naming trahedya.

**TAGIWALO**

1.

Bagong hunos siya nang lumusong sa lawod. Saligan niya sa pagbabagong-buhay ang dagat. Iniwan na niya ang pangamba sa pampang kasama ang lumang balat. Wala siyang ibang pangitain sa ilalim kundi natutulog na lagim: bungo ng hindi kilalang halimaw ang mga bato't patay na korales na maya't maya'y bumabalikwas at napapahikab sa pagyugyog ng alon. Umaasa siyang may pupuslit na palos mula sa mga butas. Tanging siya lamang ang nakikita ng libo-libong bula. Ano pa nga ba ang silbi ng kamandag?  Mas higit pa ngang mapanganib ang pag-iisa.

2.

Higit niyang ninais na mahanap ang mga kasama. Naririto ang tumpok ng mga pinaglumaang balat, ang mga kilalang lansa. Hindi mahilom-hilom ang paghiwa ng basa niyang pagdaan sa matandang bato. Katulad ng dati, ang muli niyang pananalig sa kawalang katiyakan.

3.

Namumulaklak ang alinsangang dagat sa kaniyang balat, dito, sa hapag ng malaking bato, sa bunganga ng kuweba. Pinili niya ang manatili. Sa hindi kalayuan, ang salimbayan ng tinig ng kuwerdas at amihan. Pumapagaspas ang sombrero, may nginig sa hangin nang ito'y liparin, at sa alon, makakaisa nito ang sariling repleksyon. Kay daling sabihin na ang bawat hihip ay patunay ng eksistensiya ng hinanakit, na may mga anghel na tumatawid sa malay, pinupulot ang hindi natutupad sa mga ninanais, iniipon at pinapakawalan bilang ipoipo o bagyo. Samantala, titindig ang tagiwalo sa pagtabal ng agaas: sumisigasing, tila nakikipagduweto. Noon lamang niya muli naramdaman ang sariling hininga.

4.

Isang lumang kuwento: hinawla ang isang paham at isinabit sa pinakamatandang bakawan sa malayong isla. Pagtuturo ng matatandang dasal sa mga periko ang kaniyang pagkakasala. Doon lamang niya nabatid na maaaring sulatan ang balat ng buhay na tagiwalo. Gabi-gabi siyang nilalagnat matapos magsulat: na bahagi ng kaniyang kaluluwa ang naikikintal sa bawat titik na kinukutkot at tinuklap mula sa kaliskis ng ahas-dagat, at papanoorin niya itong lumangoy palayo. Sa asinta ng kaniyang mata, ang pagningning ng mga salita sa init at asin. Tanging ito lamang ang alam niyang pamuksa sa pagnanasang binabalabalan ng pangungulila.

Isinusulat niya ang bayan sa ilalim ng kaniyang kulungan, at tila kartograpo niyang hinahanay ang lahat ng mga muhon batay sa kanilang saysay at kasaysayan, at kung minsan, ay binabatay niya sa galaw ng kaniyang anino at repleksyon. Kaya walang permanenteng mukha ang kaniyang lungsod sa ilalim ng salamin. Na ang totoo, binubura ng kaniyang pagkamuhi ang pinagmulan, pero nanalaytay ang pagkamingaw sa ilalim ng buto. Minsan, isinulat niya ang pinakaunang bugtong na hindi nasagutan: nang mahuli ay bulag, biglang dilát sa palad.

*Kapalaran*, ganoon lamang dapat iyon kadali.

5.

Pagkaraan ng ilang buwan, ang pagdating ng tugon, na tulad niya, ay nakasulat sa balat ng tagiwalo: *At tulad ng kamandag ng unang pagkakatuklas sa ningas, naiwan akong hindi makahinga. Kinaiinisan kita dahil hindi ako makapagsalita.*

6.

Binalikan ng kaniyang mga kababayan ang paham. Matapos ang sigwa, nagbalikan ang mga tinuruan niyang periko, at nagsipagsalita sa tinig ng kanilang diyos, mga ngisngis na nangsisisi. May ilan sa kanila ang tinubuan ng bulutong sa hintuturo. Ang ilan ay napilasan ng kanilang tinig. May isang walang nadidinig sa isip kundi ang paulit-ulit na paglundag ng bato sa tubig. Sa huli, natanggap nila ang pagkakamali.

Ngunit wala na roon ang paham. Abandonadong hawla na may sangsang ng lansa na bakas ng pagluluno. Kumakapit sa hangin. Kanino pa sila hihingi ng kapatawaran? Kanino pa sila hihingi ng karunungan?

Minsan, may sumabit na dalawang tagiwalo sa lambat. Magkapulupot sa isa't isa. Sa balat, nakaukit ang mga mensahe:

*Katulad ka ng bayan na sa akin ay nang-iwan—walang ipinabaon kundi katahimikan. Minsan sa paglalakbay, natagpuan ko ang sariling nagtatanong: sa huli, anong bagahe ang magiging bahagi ng aking sarili? Doon, ipinaiwan sa akin ang lahat, at nang ako'y makalingon natagpuan ko lamang ang isang ligaw na kuwago na katulad ko ay patuloy na nagtatanong.*

At kahit sa iilan lamang na salita, tila tumutugon ang ikalawang mensahe:

*Lahat tayo'y may dinadalang bigat. Sa libo-libong bula matatagpuan mo ang iyong sarili: basal at hubad.*

**DORADO**

Ibinabatay mo ang pananampalataya sa gaan ng nadarama, at tulad ng pagbubukas sa umaga ng sapin-saping ningning sa kalawanging yero, ang paniniwalang, minsan pa, hindi lahat ng pagdurusa ay dahil sa pangungulila; ngunit, ang totoo, madalas, gusto kong sabihing nakakasugat ang ganitong kabanalan, na sadyang marupok ang pagkakaugnay ng mga bagay—na maging ang hangin ay nilulunod ng mga alon, na hindi lamang ang pagbabago ng panahon ang tinatakasan ng kawan ng mga dumaras, na maaaring manligaw ang pinakapinagkakatiwalaang tala. Hanapin mo ang pinag-iitlugan ng mga balang at mahahanap mo ang pugad ng sinaunang bagabag. Samantala, sa laot, ang maliksing paglundag ng dorado—paulit-ulit, nanlalaban sa pagkakabingwit—nagpapalit kulay habang nag-aagaw-buhay: asul, berde, dilaw. Madalas, kagandahan ang idinadahilan upang pagtakpan ang ating pagkamarahas. Nais ko lamang sabihin, hindi sa ganitong pagkakabingit umiiral ang rikit. Heto, nakakahiwa ang mga bagong tabas na talahib. Heto ang sandakot na asin at sabihin mo sa akin ang sakit ng pagkakapuwing.

**TAYUM**

1.

Nang umibig si Amanikable, hinandog niya ang sariling puso sa dilag.
Walang pagdadalawang-isip. Sa palad, ang bigat ng pagpapakasakit.
Ngunit sinagot siya ng pagtanggi. Madalas, nasasaksihan natin

Ang mga pagkabigo ng sakripisyo – na hindi kayang matumbasan
Ang higit sa kayang handog. Madaling sabihin na ito'y kataksilan,
At umaayon ang ating damdamin sa nasaktan na tila isang pagpapaalala

Sa mga pangkaraniwan nating pagkatalo: abo ng liham ng pagtatapat, bugkos
Ng tuyot na bulaklak sa basurahan. Bumabalikwas ang limot na lumbay
Upang makahanap ng masasaligan; ng init ng mga hindi kilalang kamay

Para masabihan ng: *Narito lamang ako, naririto lamang ako*.

2.

Dala ng galit, itinapon ng bathala ang sariling puso sa dagat. Hinayaang mamugad
Sa kanlong ng mga alon; inuusbungan ng maiitim na palaso. Pumipintig na lason

Ang nagbibigay kahulugan sa kanyang hinanakit – na wala namang ipinagkaiba
Sa ating mga kinagisnang salaysay: karayom, mansanas, pulutong ng alakdan.

Ito ang mortal nating karupukan: na ilatay sa iba ang higit pa sa nadarama. Minsan,
May binatang dumukot ng mga dalaga't ikinulong sa ilalim ng kanyang tahanan.

Tulad ng isang bugnuting panginoon, mabibigat ang kanyang yapak sa bawat panaog,
At nababatid ng mga babae na may hatid itong panganib. Sa dilim, panakaw nilang

Sinusulyapan ang mukhang kanilang minumura. Nang may makatakas, ikinumpisal
Ng binata ang kalungkutan sa mga natitirang biktima bago tuluyang sinunog ang bahay.

Walang ibang nasabi sa kanya ang mga kababayan kundi—*mukha naman siyang mabait*,
*Kung nasagip lamang siya noong una*.

**TAMBULI**

Simula nang nilisanan, walang ibang nanirahan dito
Maliban sa mga alaala, na madalas, mararahas.
Wala rito ang mga taimtim na panalangin ng alon.
O ang paghilik ng pampang sa payapang panahon.
Naririto ang pag-uunat ng mga kurus-kurus sa silab
Ng araw, marahang ibinubuklat sa pintig ng init;
O ang pagkilatis ng mga tulis sa malalambot na lawas
Ng dikya; o ang pagpunit ng hangin sa tulog na layag.
Minsan, isang madugong labanan ang mauulinigan.
Pulutong na sinasalubong ng mga punglo't pagsabog.
Pumapalakpak sa paglipad ang mga langaw sa hanay
Ng mga namatay, sinisiyasat ang lamig sa mga huling
Binitawang salita, na marahil, tigib ng pagsisisi o
Pagkamuhi, na hindi rin nalalayo sa ipinagtatapat
Ng binata sa dagat, nakakuyom at nanghahamon.

**VINTA**

Ganito ko laging inaalala ang kanilang layag – mariringal
Na maharlika sa dapithapon ng panunungkulan. Kung paano
Humahangos sa liwanag ang mga sarikulay sa bawat paglapit
Ng dilim; kung paano nanatili silang nakakapit sa pangako
Ng inmortalidad. Paghahabilin ang mga huling halik sa hangin.
May pahabol-tingin ang mga alon sa mga naghihingalong kulay,
Tila pagtatakda sa mga dapat alalahanin. Ganito nagtatapos
Ang mundo, naisip ko. May lihim na ipinagtatapat sa liham.
May hinihigpitang lubid sa leeg. May mga layag na inililibing
Sa baul. May mga pangungulilang kakainin lamang ng panahon.
Tulad ng mga naiwang baroto, sa kanilang lawas sumasayaw
Ang mga tangkay-tangkay na nagsiugat na halimuyak.